
DECEMBER 2019

# AQUANEGOSYO

## KOMIKS


DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BFAR


# PAG-AALAGA NG LAPU-LAPU




FishCORAL


SA TAHIMIK AT SIMPLENG BAYAN NG STA. FE, NA NAGTATAGLAY NG MASAGANANG KARAGATAN...
...AY MAY MAG-ASAWANG LINGID SA KANILANG KAALAMAN, AY MAY PARATING NA BIYAYANG MAKAKAPAGPABAGO NG TAKBO NG KANILANG BUHAY...
VROOM!


PETER?!? 'DI KITA NAKILALA! TULOY KA!
HAHAHA! AKO NGA RUDY! MUSTA NA ANG PINAKAMASIPAG KONG CLASSMATE 'NUNG HIGH SCHOOL?
MAY ITATAYO AKONG RESTO MALAPIT DITO, AT KELANGAN KO NG PARTNER PARA SA SUPPLY NG MGA LAPU-LAPU KAYA IKAW ANG AKING PINUNTAHAN.
ALAM KONG SANAY KANG MANGHULI NG MGA LAPU-LAPU AT MAS MABUTING MAG-ALAGA KA NG MGA ITO PARA MAS MARAMING ANI AT BENTA.
NAKU! SALAMAT PETER! PERO HINDI KO ALAM KUNG PAANO ANG MAG-ALAGA NG LAPU-LAPU?
NAKAUSAP KO NA ANG FISHCORAL NOONG NAGPUNTA AKO SA BFAR PARA SA TRAINING...


MAY MGA NAKAUSAP DIN AKONG MGA EXPORTERS NG LAPU-LAPU NA NAGHAHANAP NG SUPPLY.


MARAMING SALAMAT PETER! NAPAKALAKING TULONG NITO SA AKING PAMILYA AT SA SAMAHAN NG MALILIIT NA MANGINGISDA!
MAGTUTULUNGAN TAYO RUDY PARA SA MAGANDANG KINABUKASAN!


PUNO NG PAG-ASA SI RUDY PARA SA MAGANDANG BUKAS NG KANYANG PAMILYA, AT ANG SAMAHAN NG MALILIIT NA MANGINGISDA NG STA. FE.

ANG PAG-AALAGA NG LAPU-LAPU SA KULUNGANG LAMBAT AY MATAGAL NANG GINAGAWA DITO SA PILIPINAS.





ANG LAPU-LAPU AY PABORITO NG MARAMI DAHIL SA MASARAP NITONG LASA.

ITO AY INILULUWAS AT IBINEBENTA SA IBANG BANSA KATULAD NG CHINA, HONGKONG, JAPAN AT SINGAPORE KAYA'T NAKAKATULONG ITO SA PAGKITA NG DOLYAR PARA SA ATING BANSA.




# PAGPILI NG TAMANG LUGAR




# PAGGAWA NG BALANGKAS AT PAGKAKABIT NG KULUNGANG LAMBAT

GUMAWA NG KWADRADONG BALANGKAS NA YARI SA KAWAYAN NA MAY SUKAT NA 10M X 10M.







GUMAWA NG KULUNGANG LAMBAT NA MAY SUKAT NA 10M X 10M X 3M.

DALHIN SA NAPILING LUGAR SA DAGAT ANG NAGAWANG BALANGKAS AT LAMBAT.

IKABIT ANG LAMBAT SA BALANGKAS AT LAGYAN NG PABIGAT ANG APAT NA SULOK TULAD NG SEMENTO O SAKO NA MAY LAMANG BUHANGIN UPANG MABANAT ANG LAMBAT.




KABITAN ANG BALANGKAS NG MGA PLASTIK DRUM O CONTAINER NA SIYANG MAGSISILBING PALUTANG NITO.




## PAGHUHULOG NG SEMILYA

PUMILI NG MASISIGLA AT MAGAGANDANG URI NG SEMILYA NA MAY SUKAT NA LIMANG PULGADA KADA PIRASO. MAGLAGAY NG 10-20 PIRASO BAWAT METRO KUBIKO. GAWIN ITO SA BANDANG UMAGA O HAPON.




PAG AALAGA AT PAGPAPAKAIN
PAKAININ ANG LAPU-LAPU NG MGA TINADTAD NA ISDA O SHELLFISHES SA DAMI NA 5% NGKABUUANG TIMBANG NG LAPU-LAPU.
GAWIN ITO MINSAN SA ISANG ARAW.
MAGTIMBANG NG 10-15 PIRASO TUWING IKA-30 ARAW UPANG MASUBAYBAYAN ANG KANILANG PAGLAKI AT MAGING BASEHAN KUNG GAANO KARAMING PAKAIN ANG IBIBIGAY.
BISITAHIN PALAGI ANG LAMBAT UPANG MASIGURONG WALANG SIRA AT HINDI MAKALABAS ANG ISDA. LINISIN TUWING IKATLONG ARAW; ALISIN ANG MGA BAGAY NA MAKAKASAGABAL SA PAGLABAS AT PAGPASOK NG TUBIG.




## MGA DATOS

| | |
|---|---|
| SUKAT NG LAMBAT | 10M X 10M X 3M |
| DAMI NG SEMILYA/KULUNGAN | 500 PIRASO |
| TAGAL NG PAG-AALAGA | 5-7 BUWAN |
| PORSYENTO NG NABUHAY | 80% |
| KARANIWANG TIMBANG SA PAG-AANI | 450 GRAMO |
| KABUUANG INANI | 1,080 KG. |
| PRESYO BAWAT KILO | P 450.00 |
| FCR | 5:1 (5 KG PAKAIN SA 1 KG ISDA) |

# TIYAK NA GASTUSIN

## Materyales/Puhunan (6 cages)

### Tiyak na gastusin

| Kagamitan | Bilang | Halaga | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|
| Kawayan, malaki | 192 piraso | 150.00 | 28.800.00 |
| PE nets #17 or 14 | 5 rolyo | 6,500.00 | 32,500.00 |
| GI Pipes, 1inch diameter, 5m long | 24 piraso | 200.00 | 4,800.00 |
| Nylon twine #120 | 15 kgs. | 320.00 | 4,800.00 |
| Evelon cord #9 (4.5 mm) | 2 rolyo | 300.00 | 600.00 |
| Anchor & rope #24/12mm | 6 piraso | 3,500.00 | 21,000.00 |
| Plastic drum | 48 pcs. | 700.00 | 33,600.00 |
| Kubo | | | 8,000.00 |
| Labor | | | 10,000.00 |
| **Sub Total** | | | **144,100.00** |

### Gastos sa operasyon

| Kagamitan | Bilang | Halaga | Kabuuang Halaga |
|---|---|---|---|
| Semilya ng lapu-lapu (5") | 3,750 piraso | 70.00 | 262.500.00 |
| Pakaing isda | 5,400 kls. | 15.00 | 81,000.00 |
| Sweldo ng namamahala | 7 buwan | 4,000.00 | 28,000.00 |
| | | **Sub Total** | **449,300.00** |
| **Kabuuang Puhunan** | | | **449,300.00** |

| | |
|---|---|
| KABUUANG KITA | P 675,000.00 |
| GASTOS | 319,000.00 |
| LINIS NA KITA | 176,000.00 |
| BALIK PUHUNAN (ROI) | 50.2% |
| TAGAL NG BALIK-PUHUNAN | 0.64 TAON O 7.7 BUWAN |

FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph